Hukuman sa Pagrepaso sa Pandarayuhan (Migration Review Tribunal)

Hukuman sa Pagrepaso sa Pandarayuhan o Migration Review Tribunal (MRT)

Ang MRT ay nagsasagawa ng isang **pagrepaso ng mga katunayan** ng orihinal na hatol. Muli nitong tinatasa ang orihinal na application upang malaman kung natutustusan mo ang mga kinakailangan para sa visa. Ang MRT ay saklaw ng batas sa pandarayuhan at ipinapatupad nito ang batas na umiiral sa panahon na isinampa ang application.

Anu-Anong Uri Ng Mga Hatol Ang Maaaring Repasuhin Ng MRT?

- Ang MRT ay hahawak sa iyong pag-apila kung ikaw ay tinanggihan para sa anumagn uri ng Family Migration Visa at ikaw (o ang iyong sponsor/taga-panukala) ay nasa Australia sa parehong panahon ng pagtanggi.

- Kabilang sa mga pagpapasyang maaaring ma-repaso ng MRT ay ang:
    - mga pagpapasyang tanggihan ang isang panloob (onshore) na application para sa isang visa (bukod pa sa isang protection visa o sa isang bridging visa);
    - mga pagpapasya upang kanselahin ang isang visa (bukod pa sa isang protection visa o sa isang bridging visa);
    - mga pagpapasya na tanggihan na maigawad ang isang bridging visa; at
    - mga pagpapasya na maigawad ang isang panlabas (offshore) na visa kung san ang visa na inasam ay nangangailangan na mai-sponsoran ang aplikante ng isang permanenteng residente ng Australia o mamamayan nito.
- Subalit, kung ang iyong visa ay tinanggihan sanhi ng mga **kadahilanan ng katauhan (character grounds)**, Dan, kailangan nitong maiugnay sa bagong Batayan sa Katauhan o Character Criteria – pahina sa pagkansela ng Visa at hindi hahawakan ng MRT ang iyong pag-apila. Kailangan mong mag-apila sa Administrative Review Tribunal (AAT).

Mga Limitasyon Ng Panahon Para Sa Pagsampa Ng Mga Application Sa MRT

- **Lubhang mahalaga** na bigyang-pansin mo ang limitasyon sa panahon para sa pagsampa ng application para sa pagrepaso.
- Kung ang application para sa visa ay isinampa **sa ibang bansa** at nakatanggap ka ng liham sa pagtanggi **sa pamamagitan ng koreo**, mayroon kang **91 araw** upang magsampa ng application para sa pagrepaso sa MRT mula sa petsa ng liham ng DIMIA na nagpapabigay-alam sa iyo ukol sa pagpapasya. Kung ang liham ng pagtanggi ay inihatid **sa pamamagitan ng mensahero**, ang application ay kailangang maisampa sa loob ng **70 araw** mula sa petsa ng sulat ng DIMIA.
- Kung ang application para sa visa ay isinampa **sa Australia** at natanggap mo ang liham sa pagtanggi **sa pamamagitan ng koreo**, mayroon kang **28 araw** upang magsampa ng application para sa pagrepaso sa MRT mula sa petsa ng liham ng DIMIA na nagpapabigay-alam sa iyo ukol sa pagpapasya. Kung ang liham ng pagtanggi ay inihatid **sa pamamagitan ng mensahero o sa pamamagitan ng pakikipag-usap**, ang application ay kailangang maisampa sa loob ng **21 araw** mula sa petsa ng sulat ng DIMIA.
- Kung ikaw ay **nasa Australia** at ang iyong visa ay **kinansela** ay mayroon kang **7 araw** upang magsampa ng application para sa pagrepaso sa MRT mula sa petsa ng liham ng DIMIA na nagpapabigay-alam sa iyo ukol sa pagpapasya. Ang limitasyon ng panahon na ito ay sumasaklaw sa iyo maging ikaw ay nakakulong sa pandarayuhan (immigration detention) o hindi.
- Kung ikaw ay nag-apply para sa isang **Bridging Visa** at ang iyong application ay tinanggihan, mayroon kang **2 araw** upang magsampa ng isang application para sa pagrepaso ng MRT mula sa petsa na ikaw ay napagbigyang-kaalaman.
- Hindi na maipapalawak ng MRT ang panahon na ito. Kung isinampa mo ang iyong application para sa pagrepaso nang lampas sa itinakdang panahon, ang iyong application ay walang bias at hindi na masusuri ng MRT ang ukol dito.
- Kung hindi ka nagsampa ng isang application par asa pagrepaso o nakakuha ng isa pang bridging visa ay maaari kang maikulong at mapatalsik ng DIMIA mula sa bansa.

Paano Ko Maisasampa Ang Aking Pag-Apila?

- Ang isang application para sa pagrepaso ay maaaring maisagawa sa pamamagitan ng pagkumpleto at pagsumite ng **Application Form (MRT 01)(http://www.mrt.gov.au/forms/MRT01.pdf)**. Ang dokumentong ito ay nasa anyong PDF sa computer. Kailangan mo ng Adobe Reader, version 4 o mas bago, sa iyong computer.
- May babayarang $1400 sa lahat ng sitwasyon maliban kapag:
    - ang pagpasya ay ang pagtanggi na maigawad ang isang bridging visa, o

- ang pagpasya ay ang pagkansela ng isang bridging visa, na sanhi nito ay nakakulong ka sa pandarayuhan (immigration detention).

Ang bayarin na ito ay maibabalik sa iyo kapag matagumpay ang iyong pagrepaso.

- Ang napunan at nalagdaan na application form, kabilang ang bayarin, ay kailangang maisumite sa mga sumusunod na pahatirang-sulat (addresses):
  - Kung ikaw ay nakatira sa New South Wales, Queensland, ACT o Northern Territory, ay sa:
    Level 3, AXA Centre
    44 Market Street
    Sydney NSW 2000
  - Kung ikaw ay nakatira sa Victoria, South Australia, Western Australia o Tasmania, ay sa:
    Migration Review Tribunal
    Level 12, 460 Lonsdale Street
    Melbourne VIC 3000
    o sa
    PO Box 14158, Melbourne VIC 8001
- Tandaan na ang mga dokumentong ito ay maaaring maisumite lamang nang harapan, sa pamamagitan ng koreo o sa pamamagitan ng fax. Hindi tumatanggap ang Hukuman ng anumang mga dokumento na isinumite sa pamamagitan ng email.
- Ang MRT ay magpapadala sa iyo ng isang liham na kumukumpirma na natanggap nila ang iyong application. Sagutin mong siguraduhin na natanggap ng MRT ang iyong application sa tamang oras.

Papaano Kung Hindi Abot-Kaya Para Sa Akin Ang Bayarin Sa Application?

- Kung makukumbinsi mo ang MRT na ang pagbabayad ng application fee ay magdudulot sa iyo ng “matinding kahirapan sa pera”, ay ibabale-wala ng MRT ang kinakailangang bayad. Upang maisagawa ang pagpapasyang ito, kailangang malaman ng Hukuman ang iyong mga sitwasyon sa pera at ng mga iba pang tao na kaugnay sa iyong application para sa pagrerepaso.
- Upang mag-aplay para sa isang pagpapabale-wala sa bayarin, kailangan mong kumpletuhin at isumite ang **Application for Fee Waiver** (Form MRT 11).
- Kailangan mong magpakita ng patunay na hindi mo mababayaran ang bayarin sa application.
  Ang mga dokumentong kailangan mong maipakita ay ang:
  - Iyong mga bank account statement sa loob ng nakaraang 6 na buwan
  - Mga Sulat mula sa Centerlink na nagpapatunay na nakakatanggap ka ng mga benepisyo mula sa Gobyerno, o 2 kasalukuyang resibo ng mga pagbabayad ng Centrelink.
  - Kung ikaw ay may-trabaho, ang iyong mga resibo ng sahod sa bawat kinsenas
  - Mga singil ng bayarin para sa telepono, koryente, gas, upa/hulog sa bahay, at anumang iba pang mga regular na gastusin
  - Patunay ng mga pagkakautang, kung mayroon man.
  - Ang iyong pinaka-kamakailan lamang na paunawa ukol sa pagtatasa ng buwis sa kita (income tax assessment notices)
  - Mga credit card statements para sa nakaraang 6 na buwan

Ano ang mangyayari sa MRT?

• Kapag ang isang application para sa pagrepaso ay natanggap ng MRT, ito ay tinatasa ng mga tauhan sa talaan (registry staff) upang siguraduhin na tumutustos ito sa mga kinakailangan upang maging karapat-dapat.

• Hihilingin ng Hukuman na ipadala sa kanila ng Department of Immigration ang file na ito.

• Ang application file at ang DIMIA file ay sa gayon ay itinatalaga sa isang koponan ng kaso na pinamumunuan ng isang mataas na opisyales sa kaso na siyang susuri sa file, bubuo ng mga kaukulang dokumento at ihahanda ang application upang marepaso ng isang kasapi ng Hukuman. Ang kaso ay mananatiling sagutin ng yunit ng koponan hanggang ito ay, maging handa upang bigyang-turing ng isang Kasapi sa Hukuman.

• Sa gayon ay pupunta ang mga file sa isang Kasapi ng MRT upang marepaso sa ilalim ng Batas sa Pandarayuhan (Migration Act).

• Ang MRT ay maaaring makapagsagawa ng isang pagpasya na pabor sa iyo "ayon sa papel" kung sa tingin nito ay mayroong sapat na patunay bago nito gawin ito. Makikipag-ugnayan ang MRT sa iyo o sa iyong abogado at sasabihin sa iyo na maaari itong makapagsagawa ng isang pagpapasya “ayon sa papel” at kung hindi ay hihiling ang MRT ng karagdagang impormasyon.

• Kung walang maisasagawang pabor na pagpapasaya “ayon sa papel” ay iimbitahan ang aplikante sa isang pagdinig. Ang pagdinig ay isasagawa nang harapan o sa pamamagitan ng video o telepono. Ang isang paanyaya ay ipapadala sa iyo sa pamamagitan ng liham, kung saan ipagbibigay-alam sa iyo ang ukol sa petsa at lugar ng pagdarausan ng Pagdinig. May kalakip na dokumento ang liham na tatanungin ka kung nais mong isama ang sinumang saksi o mga saksi o ang iyong abogado sa Pagdinig, o kung kailangan mo ng isang tagasalin-bigkas. Kukuha ang Hukuman ng isang tagasalin-bigkas kung kinakailangan. Kailangan mong mapunan ang dokumentong ito at maipadala ito pabalik sa MRT.